



KIT NG SADDLEBAG

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Talahanayan 1. Pangkalahatang Impormasyon

Mga Kit	Mga Iminumungkahing Kagamitan	Antas ng Kasanayan ⁽¹⁾	Oras
90201558	Mga Salaming Pangkaligtasan, Lyabe ng Torque		1 oras

(1) Kinakailangan ang paghihigpit sa halaga ng torque o iba pang mga katamtamang kagamitan at pamamaraan

MGA NILALAMAN NG KIT




Figure 1. Mga Nilalaman ng Kit: Kit ng Saddlebag

Talahanayan 2. Mga Nilalaman ng Kit

<input checked="" type="checkbox"/>	Item	Qty	Paglalarawan	Part No. (Piyesa Blg.)	Mga tala
<input type="checkbox"/>	1		Docking point bracket, pang-ibaba	90201764	
<input type="checkbox"/>	2		Docking point, pang-ibaba	90201524	
<input type="checkbox"/>	3		Turnilyo, hex socket button head, ibabang harapang docking	3540	10,9–13,6 N·m (96–120 in-lbs)
<input type="checkbox"/>	4		Turnilyo, hex socket button head, ibabang harapang docking	4016	10,9–13,6 N·m (96–120 in-lbs)
<input type="checkbox"/>	5		Turnilyo, hex socket button head, kaliwang bracket	4097	51,6–63,8 N·m (38–47 ft-lbs)
<input type="checkbox"/>	6		Washer, plain	6701	
<input type="checkbox"/>	7	2	Washer, plain	6702	
<input type="checkbox"/>	8	4	Turnilyo, Torx socket button head, itaas na docking point	10200596	28,5–36,6 N·m (21–27 ft-lbs)
<input type="checkbox"/>	9	4	Spacer	90201669	
<input type="checkbox"/>	10		Saddlebag, RH Kit 90201558	90201559	
<input type="checkbox"/>	11		Saddlebag, LH Kit 90201558	90201560	
<input type="checkbox"/>	12		O-ring (4)	11159	
Mga bagay na binanggit sa text, ngunit hindi kasama sa kit.					
<input checked="" type="checkbox"/>	H		Kit ng pamalit na kandado, saddlebag (kabilang ang set ng dalawang susi), Kit 90201558A lang	90300137	

TALA

Tiyakin na lahat ng nilalaman ay nasa kit bago magkabit o magtanggag ng mga item mula sa sasakyan.

PANGKALAHATAN

Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang).

Siguraduhin na ginagamit mo ang pinakabagong bersyon ng pahina ng tagubilin na makukuha sa: www.harley-davidson.com/isheets

Makipag-ugnayan sa Harley-Davidson Customer Support Center sa 1-800-258-2464 (para sa U.S. lang) o sa 1-414-343-4056.

Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

LOCTITE 243 MEDIUM STRENGTH THREADLOCKER AND SEALANT (BLUE) (99642-97) ay kailangan para sa tamang pagkakabit ng kit na ito.

⚠ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

TALA

Tumutukoy sa impormasyon sa manwal ng serbisyo ang pahina ng tagubilin na ito. Ang manwal ng serbisyo para sa modelo ng inyong motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito at ito ay makukuha sa isang dealer ng Harley-Davidson.

Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 1 at Talahanayan 2 .

⚠ BABALA

Huwag lumampas sa kapasidad ng bigat ng saddlebag. Maglagay ng pantay na timbang sa bawat bag. Ang labis na bigat sa mga saddlebag ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng kontrol, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00383a)

TALA

Ang pinakamataas na maaaring kapasidad na timbang ng saddlebag ay 6,8 kg (15 lb) .

MAGHANDA

▲ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)

1. Tingnan ang manwal ng serbisyo at sundin ang mga tagubilin na ibinigay sa:
 - a. Tanggalin ang takip ng kaliwang bahagi.
 - b. Alisin ang pangunahing fuse.
 - c. Tanggalin ang exhaust.

IKABIT

Ikabit ang Kaliwang Bahagi

PAUNAWA

Tiyaking maayos na nakalapat at matatag na nakakabit ang (mga) frame ng saddlebag mounting hardware. Kapag hindi ito ginawa, maaaring magresulta ito sa paghiwalay at/o pagkasira ng mga saddlebag. (00171b)

1. Tingnan ang Figure 2 . Ikabit ang grommet ng kaliwang docking point.
 - a. Iposisyon ang bracket ng docking point (6) sa kuwadro.
 - b. Ikabit ang washer (3) sa turnilyo (2).
 - c. Maglagay ng threadlock sa turnilyo.
LOCTITE 243 MEDIUM STRENGTH
THREADLOCKER AND SEALANT (BLUE)
(99642-97)
 - d. Ikabit ang turnilyo. Higpitan.
Torque: 52–64 N·m (38–47 ft-lbs) *Turnilyo ng bracket na ikinakabit sa gilid ng Kaliwa ng Saddlebag*
 - e. Ipasok ang nub ng grommet ng docking point (1) sa mga butas na nasa mounting bracket.
 - f. Ikabit ang washer (5) sa turnilyo (4).
 - g. Maglagay ng threadlock sa turnilyo.
LOCTITE 243 MEDIUM STRENGTH
THREADLOCKER AND SEALANT (BLUE)
(99642-97)
 - h. Ikabit ang turnilyo. Higpitan.
Torque: 10,9–13,6 N·m (96–120 in-lbs) *Turnilyo ng grommet ng kaliwang bracket na ikinakabit sa gilid ng Saddlebag*
2. Ikabit ang saddlebag.
 - a. Iposisyon ang docking rod (7) sa grommet ng docking point (1).

- b. Ipasok ang mga turnilyo (10) sa mga butas sa saddlebag (11).
- c. Ikabit ang mga spacer (9) at mga O-ring (8).
- d. Maglagay ng threadlock sa mga turnilyo (10).
LOCTITE 243 MEDIUM STRENGTH
THREADLOCKER AND SEALANT (BLUE)
(99642-97)
- e. Ihanay ang mga turnilyo sa saddlebag na may mga butas sa fender support. Ikabit at higpitan.
Torque: 28–37 N·m (21–27 ft-lbs) *Turnilyo ng saddlebag*




Figure 2. Pagma-mount ng Saddlebag (kaliwang bahagi)

Ikabit ang Kanang Bahagi

1. Tingnan ang Figure 3 . Ikabit ang grommet ng docking point sa kanang bahagi.
 - a. Ipasok ang mga nub ng grommet ng docking point (4) sa mga butas na nasa pansuportang bracket ng exhaust (1).
 - b. Ikabit ang washer (3) sa turnilyo (2).
 - c. Maglagay ng threadlock sa turnilyo.

LOCTITE 243 MEDIUM STRENGTH
THREADLOCKER AND SEALANT (BLUE)
(99642-97)

- d. Ikabit ang turnilyo. Higpitan.

Torque: 10,9–13,6 N·m (96–120 **in-lbs**) *Turnilyo ng grommet ng docking point sa kanang bahagi ng Saddlebag*

2. Kumpletuhin ang pagkakabit ng kanang bahagi sa pamamagitan ng pagsunod sa hakbang 2 sa Ikabit ang Kaliwang Bahagi.




Figure 3. Docking Mount (kanang bahagi)

KUMPLETUHIN

TALA

Tiyaking naka-OFF ang key switch ng ignisyon/ilaw bago ikabit ang pangunahing fuse.

1. Tingnan ang manwal ng serbisyo at sundin ang mga tagubilin na ibinigay sa:
 - a. Ikabit ang exhaust.
 - b. Ikabit ang pangunahing fuse.
 - c. Ikabit ang takip ng kaliwang bahagi.

PAGMEMENTINA

Mga Turnilyo ng Docking Point

PAUNAWA

Kapag hindi hinigpitan ang hardware ayon sa tinukoy na torque, maaari itong magresulta sa pinsala sa nakakabit na accessory. (00508b)

1. Pagkatapos patakbuhan nang 500 milya nang nakakabit ang mga saddlebag, kailangang suriin ang torque sa mga turnilyo na pang-mount ng docking point. Tingnan upang siguraduhin na napanatili ang tamang torque at higpitan ang mga turnilyo kung kinakailangan. Higpitan.

- a. Ibabang harap na mga turnilyo ng docking point.
Torque: 10,9–13,6 N·m (96–120 **in-lbs**)
- b. Turnilyo ng bracket sa kaliwang bahagi ng saddlebag.
Torque: 51,6–63,8 N·m (38–47 ft-lbs)
- c. Pang-itaas na mga turnilyo ng docking point.
Torque: 28,5–36,6 N·m (21–27 ft-lbs)

Pag-aalaga sa Saddlebag

Ilagay ang Harley-Davidson Genuine Leather Dressing na kasama sa saddlebag ayon sa mga tagubilin sa kit para sa pangangalaga ng leather. May mabibilang mga karagdagang garapon mula sa dealer ng Harley-Davidson (HD Piyesa Blg. 9826191V).